

Spring 2022



ILLINOIS
Assessment of Readiness

All she did—it seemed a small thing—was to toss down on the
a golden apple. Then she breathed upon the guests once, and
shed.

The apple lay gleaming among the piled fruits and the brimming

Part B

Which detail from paragraph 10 best supports the answer to Part A?

- A. "The boy grew tall and strong and beautiful, the swiftest runner, the best archer in all the country around."
- B. "Among the oak woods they lived together and were happy . . ."
- C. "They knew, for the gods know all things, that he was the son of Priam, king of Troy . . ."
- D. "... but the thought came to them that he would not know who they were, and therefore he would not be afraid to judge between them."



**Gabay Para sa mga Magulang sa
Interpretasyon sa
Ulat ng Score ng Pagsusuri sa
Kahandaan sa Illinois**

Talaan ng mga Nilalaman

1.0 Pangkalahatang Impormasyon para sa mga Magulang at Edukador	1
1.1 Kasaysayan.....	1
1.2 Pagsusuri ng IAR.....	1
1.3 Kumpidensyalidad sa Pag-uulat ng mga Resulta.....	1
1.4 Layunin ng Gabay na ito	1
2.0 Pag-unawa sa Individual Student Report (ISR, Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral) ng Illinois Assessment of Readiness (Pagsusuri sa Kahandaan sa Illinois)	2
2.1 Mga Uri ng Score sa Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral ng IAR.....	2
2.1.1 Scale Score	2
2.1.2 Antas ng Pagganap	2
2.1.3 Mga Subclaim na Pantukoy sa Pagganap.....	2
2.2 Sample na ISR (ELA/L).....	3
2.3 Sample na ISR (Matematika)	5
2.4 Paglalarawan sa mga Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral	7
2.4.1 Pangkalahatang Impormasyon	7
2.4.2 Mga Kabuuang Score sa Pagsusuri	7
2.4.3 Pagganap ayon sa Subclaim na Kategoriya	9
2.4.4 Pagganap ayon sa Kategoriya ng Pag-uulat.....	10

1.0 Pangkalahatang Impormasyon para sa mga Magulang at Edukador

1.1 Kasaysayan

Sinusuri ng Illinois Assessment of Readiness (IAR, Pagsusuri sa Kahandaan sa Illinois) ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa grade 3-8 sa pagtugon sa mga Pamantayan sa Pag-aaral sa Illinois sa English language arts (sining ng wikang Ingles) at matematika.

1.2 Pagsusuri ng IAR

Ang pangunahing layunin ng IAR ay magbigay-daan sa mga mag-aaral na ipamalas ang kanilang nalalaman at kayang gawin sa matematika at English language arts (sining ng wikang Ingles); tulungan ang mga edukador sa pagsuporta sa pag-aaral ng mag-aaral; gamitin ang teknolohiya sa mga pagsusuri, at isulong ang pananagutan sa lahat ng antas; at magkaloob ng sukatan sa kahandaan sa kolehiyo at karera para sa mga mag-aaral.

Ang Spring 2022 Illinois Assessment of Readiness ay pinangasiwaan sa pormat na nakabase sa computer o papel. Ang mga pagsusuri sa English language arts/literacy (ELA/L, sinig ng wikang Ingles/kakayahan sa pagbasa at pagsulat) ay nakapokus sa epektibong pagsusulat kapag sinusuri ang teksto. Ang mga pagsusuri sa matematika ay nakapokus sa paggamit ng mga kasanayan at konsepto, pag-unawa sa mga problemang may maraming hakbang na nangangailangan ng abstract reasoning, at pagmomodelo sa mga pantotoong-buhay na problema nang may katumpakan, pagpupursigi, at may estratehiyang paggamit ng mga kasangkapan. Sa parehong larangan ng nilalaman, ipinamalas din ng mga mag-aaral ang kanilang natutunang kasanayan at kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga piling item ng sagot at mga item na pupunan ang blangko.

1.3 Kumpidensyalidad sa Pag-uulat ng mga Resulta

Ang mga resulta ng pagganap ng indibidwal na mag-aaral sa IAR ay kumpidensyal at maaaring ilabas lamang alinsunod sa Family Educational Rights and Privacy Act of 1974 (Batas sa mga Karapatan sa Edukasyon at Pagkapribado ng Pamilya, 20 U.S.C. Seksyon 1232g). Ang pinagsama-samang data ng pagganap ng mag-aaral ay maipapakita sa publiko at hindi maglalaman ng mga pangalan ng mga indibidwal na mag-aaral o guro.

1.4 Layunin ng Gabay na ito

Nagkakaloob ang gabay na ito ng impormasyon ukol sa mga ulat sa indibidwal na mag-aaral, ulat ng paaralan, at ulat ng distritong ibinibigay para sa mga resulta ng IAR. Ang Seksyon 2.0, na nagbabalangkas at nagpapaliwanag sa mga elemento ng ulat sa indibidwal na mag-aaral, ay maaaring maibahagi sa mga magulang. Tutulungan ng seksyong ito ang mga magulang na maunawaan ang mga resulta ng pagsusulit ng kanilang anak. Ibinabalangkas at ipinapaliwanag ng Seksyon 3.0 ang mga elemento ng mga ulat ng paaralan at distrito. Ang mga indibidwal na patakaran at kalkulasyon ng estado para sa pag-uulat ng pananagutan ay maaaring maiba sa mga patakaran at kalkulasyong ginagamit para sa mga ulat ng pagsusuri.

Ang mga sample na ulat na kasama sa gabay na ito ay para lamang sa mga layunin ng paglalarawan. Ibinibigay ang mga ito upang ipakita ang pangunahing pagkakaayos ng mga ulat at ang impormasyong ibinibigay ng mga ito. Hindi kabilang sa mga sample na ulat ang aktwal na data mula sa anumang pangasiwaan ng pagsusulit.

2.0 Pag-unawa sa Individual Student Report (ISR, Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral) ng Illinois Assessment of Readiness (Pagsusuri sa Kahandaan sa Illinois)

2.1 Mga Uri ng Score sa Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral ng IAR

Ang pagganap ng mag-aaral sa IAR ay inilalarawan sa ulat sa indibidwal na mag-aaral gamit ang mga scale score, antas ng pagganap, at mga subclaim na pantukoy sa pagganap. Ang mga average [karaniwan] na resulta sa state ay kabilang sa mga kaukulang bahagi ng ulat upang matulungan ang mga magulang na maunawaan kung paano maihahambing ang pagganap ng kanilang anak sa ibang mag-aaral.

2.1.1 Scale Score

Ang isang scale score ay ang katumbas na numerong nagsisilbing buod ng pagganap ng mag-aaral. Hindi lahat ng mag-aaral ay tumutugon sa parehong hanay ng mga item sa pagsusulit, kaya't ang bawat raw score ng mag-aaral (aktwal na puntos na natamo mga item sa pagsusulit) ay inaayos para sa maliliit na pagkakaiba sa kahirapan sa iba't ibang anyo at paraan ng pangangasiwa ng pagsusulit. Ang mga nagreresultang scale score ay nagbibigay-daan sa tumpak sa paghahambing sa buong anyo ng pagsusulit at mga taon ng pangangasiwa sa loob ng grado o kurso at larangan ng nilalaman. Ang mga ulat ng IAR ay nagkakaloob ng kabuuang scale scores para sa English language arts/literacy (sining ng wikang Ingles/kakayahan sa pagbasa at pagsulat) at matematika, kung saan malalaman ang antas ng pagganap ng isang mag-aaral. Ang mga scale score ng IAR ay mula 650 hanggang 850 para sa lahat ng pagsusulit. Dagdag dito, ang mga ulat sa English language arts/literacy ng IAR ay nagbibigay ng hiwalay na scale score para sa parehong Pagbabasa at Pagsusulat. Ang mga scale score ng IAR sa Pagbabasa ay mula 10 hanggang 90, at ang mga scale score ng IAR sa Pagsusulat ay mula 10 hanggang 60.

Halimbawa, ang isang mag-aaral na nakakuha ng kabuuang scale score na 800 sa isang anyo ng pang-grade 8 na pagsusuri sa matematika ay aasahang makakakuha ng kabuuang scale score na 800 sa anumang iba pang anyo ng pagsusuri sa matematika na pang-grade 8. Dagdag dito, ang kabuuang scale score ng mag-aaral at ang antas ng kahusayan sa mga konsepto at kasanayan ay maikukumpara sa isang mag-aaral na kumuha ng parehong pagsusuri sa nakaraang taon o kasunod na taon.

2.1.2 Antas ng Pagganap

Ang bawat antas ng pagganap ay malawak at kategorikal na antas na naaayon sa kabuuang scale score ng mag-aaral at ginagamit upang iulat ang kabuuang pagganap ng mag-aaral sa pamamagitan ng paglalarawan sa kung gaano kahusay na natugunan ng mga mag-aaral ang mga inaasahan para sa kanilang baitang/kurso. Ang bawat antas ng pagganap ay naaayon sa hanay ng kabuuang scale score para sa pagsusuri. May limang antas ng pagganap para sa Illinois Assessment of Readiness (Pagsusuri sa Kahandaan sa Illinois):

- Antas 5: Nahigitan ang mga inaasahan
- Antas 4: Natugunan ang mga inaasahan
- Antas 3: Napalapit sa mga inaasahan
- Antas 2: Bahagyang natugunan ang mga inaasahan
- Antas 1: Hindi pa natutugunan ang mga inaasahan

Ang mga mag-aaral na gumaganap sa mga antas na 4 at 5 ay natugunan o nahigitan ang mga inaasahan, nakapagpamalas ng kahandaan para sa susunod na baitang/kurso at, sa huli, ay malamang na nasa tamang daan tungo sa kolehiyo at karera. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga antas ng pagganap sa pagsusulit ay matatagpuan sa Apendiks A.

Ang Performance Level Descriptors (PLD, Naglalarawan sa Antas ng Pagganap) ay naglalarawan sa kaalaman, kasanayan, at gawaing dapat malaman at kayang ipakita sa bawat antas ng pagganap sa bawat larangan ng nilalaman (ELA/L at matematika), at sa bawat baitang/kurso. Makikita ang mga PLD sa <https://il.mypearsonsupport.com/reporting/>.

2.1.3 Mga Subclaim na Pantukoy sa Pagganap

Ang mga Subclaim na pantukoy sa pagganap para sa IAR ay inuulat gamit ang mga grapikang representasyon na nagpapahiwatig ng kung paano gumanap ang mag-aaral kumpara sa kabuuang pagganap ng mga mag-aaral na natugunan o halos natugunan ang mga inaasahan para sa larangan ng nilalaman.

Ang subclaim na pagganap ay inuulat gamit ang mga kategorya sa halip na mga scale score o mga antas ng pagganap.

- Mas mataas na antas ng kahandaan - ipinapakita ng letrang H **H**
- Panggitnang antas ng kahandaan - ipinapakita ng letrang M **M**
- Mas mababang antas ng kahandaan - ipinapakita ng letrang L **L**

2.2 Sample na ISR (ELA/L)



PANGALAN G.P. (INISIYAL NG GITNANG PANGALAN) APELYIDO

Petsa ng Kapanganakan: 03/30/2006 ID: EL07040033 **Grade: 7**

SAMPLE NA PANGALAN NG DISTRITO

SAMPLE NA PANGALAN NG ISANG PAARALAN

ILLINOIS

GRADE 7 ELA

SPRING 2022

Ulrat sa Pagtatasa sa Sining ng Wikang Ingles/Kakayahang Bumasa at Sumulat, 2021–2022

Inilalarawan ng Illinois Learning Standards ang skills, kaalaman sa nilalaman, at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip na kailangan ng mga estudyante sa bawat grade level para manatili sa tamang daan patungo sa pagiging handa sa kolehiyo at career sa katapusan ng high school. Tinatantiya ng Illinois Assessment of Readiness (IAR) kung paano matagumpay na nakakasabay si PANGALAN ayon sa Illinois Learning Standards.

Bisitahin ang IL Parent Portal at <https://il-results.pearsonaccessnext.com> at gamitin ang sumusunod na code upang ma-access ang resulta ng pagganap ng iyong anak sa online. **jbTHBGrT4sTV**

Paano Ko Magagamit ang Report na Ito?

Hinati ng State Board of Education ang IAR scores sa limang antas ng kahusayan para mailarawan ang kasalukuyang pag-aaral:

Tanungin sa iyong mga guro:

- Ng mga halimbawa ng mga skill at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip na katangian ng iba't ibang antas ng kahusayan sa 7th grade language arts/literacy o bumisita sa <https://il.mypearsonsupport.com/reporting> para sa higit pang impormasyon.
- Ang ipinapahiwatig ng ulat na ito tungkol sa mga kasalukuyang kalakasan at hamon ng iyong anak.
- Ano ang gagawin nila ngayong taon at ano ang maaaring gawin sa bahay upang matulungan ang iyong anak na umunlad?

7

E

Range ng Score	Porsiyento ng Mga Estudyante sa Bawat Antas		Score ng Bata
850	Antas 5	9%	↕ 746
810			
750	Antas 4	30%	
725	Antas 3	27%	
700	Antas 2	19%	
650	Antas 1	14%	
♦ Average sa Estado 739			

F

Score ng Iyong Anak

Si Pangalan ay nakakuha ng 7th grade score na **746** sa 2022 IAR. Ang score na ito ay nagtatantiya sa mga kasalukuyang antas ng kakayahan sa pag-aaral at kaalaman at ang kasalukuyang kakayahan na gamitin ang pinag-aralan na iyon sa mga bagong gawaing pang-akademiko. Ang mas matataas na score ay karaniwang nagpapahiwatig ng mas matatag na saklaw ng kaalaman sa language arts/literacy at mas magaling na kakayahan na gamitin ang kaalamang iyon sa mas mahihirap na gawaing pang-akademiko at problema.

Mahalagang tandaan na ang IAR score ng iyong anak ay isang **pagtatantiya** ng kanilang kasalukuyang pag-aaral. Ang score ng iyong anak ay maaaring nasa hanggang **12.3** points na mas mataas o mas mababa. Ito ang sukat ng pagbabagong aasahan sa score ng iyong anak kung kukuha siya ng pagsusulit nang maraming beses. Ang maliliit na pagkakaiba sa mga score ay hindi dapat bigyan ng lubusang pagpapakahulugan.

Mahalagang tandaan na ang nakaraang pagganap ay hindi nakakatukoy ng pag-unlad at tagumpay sa hinang. Ang mataas na kalidad na edukasyon at pagsisikap ng estudyante at pakikibahagi nito ay nakakatulong na hubugin ang pagganap sa hinang.

Pag-unawa sa mga ulat sa Indibidwal na Mag-aaral (ISR) ng IAR

G

Inaasahang sukat ng Lexile®: **835L** at Range: **735L- 940L**
Ilagay ang inaasahang range ng Lexile sa www.lexile.com upang itugma ang mga skill sa pagbabasa ng iyong estudyante sa mga aklat na naaangkop para sa kanyang antas.

PANGALAN G.P. (INISIYAL NG GITNANG PANGALAN) APELYIDO

H Student Growth Percentile Ang student growth percentile ay nagkukumpara sa pagsulong ng bata sa pag-aaral kumpara sa pagsulong ng iba pang mga estudyante sa Illinois sa pagdaan ng panahon. Ang growth percentile na 50 ay average. Ang growth percentiles na mas mataas sa 50 ay nagpapahiwatig ng mas mataas sa average na pagsulong. Ang growth percentiles na mas mababa sa 50 ay nagpapahiwatig ng mas mababa sa average na pagsulong.

Ang score ng iyong anak sa taong ito ay pareho o mas mabuti pa kaysa sa 55 porsiyento ng mga estudyante sa Illinois na may katulad na score ng iyong anak sa pagtatasa sa (mga) nakaraang taon.

ISANG MAS MASUSING PAG-UUNAWA SA LIMANG LARANGAN SA PAGIGING HANDA SA PAGBABASA AT PAGSUSULAT

Upang manatili sa tamang daan upang maging handa sa kolehiyo at sa career, kailangang matuto ang mga estudyante ng maraming skill, kaalaman sa nilalaman ng tinuturo, at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip sa bawat antas ng grade. Madalas, ang mga ito ay nade-develop sa iba't ibang bilis dahil sa mga pagkakaiba sa mga priyoridad sa itinuturo sa paaralan ng bawat isa sa mga guro at paaralan, mga pagkakaiba sa mga interes ng estudyante at mga karanasan sa labas ng paaralan, at marami pang ibang salik.

Ang IAR ay naglalarawan sa pagiging handa sa limang larangan ng pagbabasa at pagsusulat sa pamamagitan ng paglalaray ng pagganap ng iyong anak sa antas na **H-Higher (Mas Mataas)**, **M-Middle (Katamtaman)**, o **L-Lower (Mas Mababa)** para sa bawat larangan. Ang pag-alam sa pagganap ng iyong anak sa mga kritikal na content domain ay nagbibigay ng pagkakataon sa iyong magkaroon ng mas mabisang talakayan sa mga guro ng iyong anak upang masuportahan ang pagsulong sa pag-aaral sa hinaharap.

J H Para sa mga pagtatantiya ng kahandaan na nasa antas na **Higher**, tanungin sa (mga) guro kung paano mahahamon ang iyong anak na makapagbuo ng mas makabuluhang mga kalakasan sa parehong paaralan at tahanan.

M Para sa **Middle** level na pagtatantiya sa kahandaan, tanungin sa (mga) guro kung paano matutulungan ang iyong anak na magpakita ng higit pang kahusayan sa larangang ito sa pamamagitan ng gawain sa paaralan at mga aktibidad sa tahanan.

L Para sa mga pagtatantiya ng kahandaan na nasa antas na **Lower**, itanong sa (mga) guro ang tungkol sa mga dagdag na suportang kailangan ng iyong anak sa paaralan para makatugon sa mga inaasahan ayon sa grade level at kung anu-anong mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon ang mayroon para matulungan ka sa pagsuporta sa iyong anak sa tahanan.

Ang mga estudyanteng handa na sa limang larangan na ito ay matagumpay na ginagawa ang mga sumusunod:

K H TEKSTO NG PANITIKAN

Pagbabasa at pagsusuri ng kathang isip, drama, at tula

L TEKSTONG NAGBIBIGAY IMPORMASYON

Ang pagbabasa at pagsusuri ng kathang isip na kuwento, kasaysayan, agham, at sining

H BOKABULARYO

Gamit ang karanasan, konteksto at pagsusuri para malaman kung ano ang kahulugan ng mga salita

M NAKASULAT NA PAGPAPAHAYAG

Paglikha ng isang mahusay na pagkakasulat mula sa nabasa ng mga estudyante

M KAALAMAN AT PAGGAMIT NG MGA KUMBENSYON SA WIKA

Ang pagsusulat gamit ang mga tuntunin ng pamantayang Ingles

PANGKALAHATANG PAGBABASA

Lubos na Na-develop na Mga Kahusayan sa Pagbabasa



Hindi Masyadong Na-develop na Mga Kahusayan sa Pagbabasa
*Ang score ng iyong anak ay 55 sa scale na 10 hanggang 90

L

PANGKALAHATANG PAGSUSULAT

Lubos na Na-develop na Mga Kahusayan sa Pagsusulat



Hindi Masyadong Na-develop na Mga Kahusayan sa Pagsusulat
*Ang score ng iyong anak ay 25 sa scale na 10 hanggang 60

M

2.3 Sample na ISR (Matematika)



PANGALAN G.P. (INISIYAL NG GITNANG PANGALAN) APELYIDO

Petsa ng Kapanganakan: 12/31/2006 ID : MA08040042 **Grade: 7**

SAMPLE NA PANGALAN NG DISTRITO

SAMPLE NA PANGALAN NG ISANG PAARALAN

ILLINOIS

B

GRADE 7 MATEMATIKA

SPRING 2022

Ulat sa Pagtatasa sa Matematika, 2021–2022

Nilalarawan ng Illinois Learning Standards ang skills, kaalaman sa nilalaman, at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip na kailangan ng mga estudyante sa bawat grade level para manatili sa tamang daan patungo sa pagiging handa sa kolehiyo at career sa katapusan ng high school. Tinatantiya ng Illinois Assessment of Readiness (IAR) kung paano matagumpay na nakakasabay si PANGALAN ayon sa Illinois Learning Standards.

C

Bisitahin ang IL Parent Portal at <https://il-results.pearsonaccessnext.com> at gamitin ang sumusunod na code upang ma-access ang resulta ng pagganap ng iyong anak sa online. **C7BnWq2HcLYr**

D

Paano Ko Magagamit ang Report na Ito?

Hinati ng State Board of Education ang IAR scores sa limang antas ng kahusayan para mailarawan ang kasalukuyang pag-aaral:

Tanungin sa iyong mga guro:

- Ng mga halimbawa ng mga skill at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip na katangian ng iba't ibang antas ng kahusayan sa 7th grade na matematika o bumisita sa <https://il.mypearsonsupport.com/reporting> para sa higit pang impormasyon.
- Ang ipinapahiwatig ng ulat na ito tungkol sa mga kasalukuyang kalakasan at hamon ng iyong anak.
- Ano ang gagawin nila ngayong taon at ano ang maaaring gawin sa bahay upang matulungan ang iyong anak na umunlad?

7

E

Range ng Score	Porsiyento ng Mga Estudyante sa Bawat Antas		Score ng Bata
850	Antas 5	3%	722
786			
750	Antas 4	25%	
725	Antas 3	34%	
700	Antas 2	28%	
650	Antas 1	10%	
♦ Average sa Estado 733			

F

Score ng Iyong Anak

Si Pangalan ay nakakuha ng 7th grade score na **722** sa 2022 IAR. Ang score na ito ay nagtatantiya sa mga kasalukuyang antas ng kakayahan sa pag-aaral at kaalaman at ang kasalukuyang kakayahan na gamitin ang pinag-aralan na iyon sa mga bagong gawaing pang-akademiko. Ang mas matataas na score ay karaniwang nagpapahiwatig ng mas matatag na saklaw ng kaalaman sa matematika at mas magaling na kakayahan na gamitin ang kaalamang iyon sa mas mahihirap na gawaing pang-akademiko at problema.

Mahalagang tandaan na ang IAR score ng iyong anak ay isang **pagtatantiya** ng kanilang kasalukuyang pag-aaral. Ang score ng iyong anak ay maaaring nasa hanggang **9.1** points na mas mataas o mas mababa. Ito ang sukat ng pagbabagong aasahan sa score ng iyong anak kung kukuha siya ng pagsusulit nang maraming beses. Ang maliliit na pagkakaiba sa mga score ay hindi dapat bigyan ng lubusang pagpapakahulugan.

Mahalagang tandaan na ang nakaraang pagganap ay hindi nakakatukoy ng pag-unlad at tagumpay sa hinarp. Ang mataas na kalidad na edukasyon at pagsisikap ng estudyante at pakikibahagi nito ay nakakatulong na hubugin ang pagganap sa hinaharap.

G

Inaasahang sukat ng Quantile®: **1275Q** at Range: **1225Q- 1325Q**

Ilagay ang inaasahang range na Quantile sa www.quantiles.com upang maitugma ang iyong estudyante sa mga materyales na naaangkop sa kanyang kakayahan sa mga skill at konsepto sa matematika.

PANGALAN G.P. (INISIYAL NG GITNANG PANGALAN) APELYIDO

H Student Growth Percentile Ang student growth percentile ay nagkukumpara sa pagsulong ng bata sa pag-aaral kumpara sa pagsulong ng iba pang mga estudyante sa Illinois sa pagdaan ng panahon. Ang growth percentile na 50 ay average. Ang growth percentiles na mas mataas sa 50 ay nagpapahiwatig ng mas mataas sa average na pagsulong. Ang growth percentiles na mas mababa sa 50 ay nagpapahiwatig ng mas mababa sa average na pagsulong.

Ang score ng iyong anak sa taong ito ay pareho o mas mabuti pa kaysa sa 65 porsiyento ng mga estudyante sa Illinois na may katulad na score ng iyong anak sa pagtatasa sa (mga) nakaraang taon.

ISANG MAS MASUSING PAG-UUNAWA SA APAT NA LARANGAN NG PAGIGING HANDA SA MATEMATIKA

Upang manatili sa tamang daan upang maging handa sa kolehiyo at sa career, kailangang matuto ang mga estudyante ng maraming skill, kaalaman sa nilalaman ng tinuturo, at mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip sa bawat antas ng grade. Madalas, ang mga ito ay nade-develop sa iba't ibang bilis dahil sa mga pagkakaiba sa mga priyoridad sa itinuturo sa paaralan ng bawat isa sa mga guro at paaralan, mga pagkakaiba sa mga interes ng estudyante at mga karanasan sa labas ng paaralan, at marami pang ibang salik.

Ang IAR ay naglalarawan sa pagiging handa sa apat na larangan ng pagbabasa at pagsusulat sa pamamagitan ng paglalagay ng pagganap ng iyong anak sa antas na **H-Higher (Mas Mataas)**, **M-Middle (Katamtaman)**, o **L-Lower (Mas Mababa)** para sa bawat larangan. Ang pag-alam sa pagganap ng iyong anak sa mga kritikal na content domain ay nagbibigay ng pagkakataon sa iyong magkaroon ng mas mabisang talakayan sa mga guro ng iyong anak upang masuportahan ang pagsulong sa pag-aaral sa hinaharap.

- J H** Para sa mga pagtatantiya ng kahandaan na nasa antas na **Higher**, tanungin sa (mga) guro kung paano mahahamon ang iyong anak na makapagbuo ng mas makabuluhang mga kalakasan sa parehong paaralan at tahanan.
- M** Para sa **Middle** level na pagtatantiya sa kahandaan, tanungin sa (mga) guro kung paano matutulungan ang iyong anak na magpakita ng higit pang kahusayan sa larangang ito sa pamamagitan ng gawain sa paaralan at mga aktibidad sa tahanan.
- L** Para sa mga pagtatantiya ng kahandaan na nasa antas na **Lower**, itanong sa (mga) guro ang tungkol sa mga dagdag na suportang kailangan ng iyong anak sa paaralan para makatugon sa mga inaasahan ayon sa grade level at kung anu-anong mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon ang mayroon para matulungan ka sa pagsuporta sa iyong anak sa tahanan.

Ang mga estudyanteng handa na sa apat na larangan na ito ay matagumpay na ginagawa ang mga sumusunod:

- | | |
|--|---|
| <p>K M PANGUNAHING CONTENT</p> <p>Paglutas ng mga problemang kinabibilangan ng proportional relationships, adding, subtracting, multiplying at dividing gamit ang rational numbers, at linear expressions, equations, at inequalities</p> | <p>L PAGPAPAHAYAG NG MATHEMATICAL REASONING (PANGANGATUWIRAN GAMIT ANG MATEMATIKA)</p> <p>Paglikha at pagbibigay-katuwiran sa mga lohikal na solusyon sa matematika at pagsusuri at pagwawasto sa pangangatuwiran ng iba</p> |
| <p>M DAGDAG AT NAGBIBIGAY-SUPORTANG NILALAMAN</p> <p>Paglutas ng mga problemang kinabibilangan ng circumference, area, surface area, volume, statistics, at probability</p> | <p>H MODELING AT APLIKASYON</p> <p>Paglutas sa mga problema sa tunay na buhay, pangangatawan at paglutas ng mga problema gamit ang mga simbolo, pangangatuwiran sa quantitative na paraan, at may estratehiya gamit ang mga naaangkop na tools</p> |

2.4 Paglalarawan sa mga Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral

2.4.1 Pangkalahatang Impormasyon

A. Impormasyon sa Pagkakakilanlan

Inililista ng isang Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral ang pangalan ng pag-aaral, petsa ng kapanganakan, ID ng mag-aaral na inisyu ng estado, baitang kapag sinusuri, pangalan ng distrito, pangalan ng paaralan, at estado. Ang baitang, kapag sinusuri, ay ipinapakita rin sa kahon sa kaliwang panig ng ulat.

B. Paglalarawan sa Ulat

Ibinibigay ng paglalarawan sa ulat ang baitang na sinuri, larangan ng nilalaman (English language arts/literacy o matematika) na sinuri, at taon ng pagsusuri. Nagbibigay rin ito ng pangkalahatang pananaw sa ulat sa pagsusuri at score.

C. Parent Portal [panimulang page sa online]

Ang Individual Student Reports ay nagsasama ng impormasyon para sa mga magulang upang ma-abot ang mga ulat ng mag-aaral at mga video na paliwanag ng mga ulat sa pamamagitan ng IL Parent Portal. Ang Parent Portal ay maaaring ma-abot sa <https://il-results.pearsonaccessnext.com>. Ang bahagi na ISR Parent Portal ay may kasamang access code na kinakailangan upang makapasok sa site.

D. Paano Gagamitin ang Ulat

Nagkakaloob ang seksyong ito ng gabay para sa kung paano maaaring gamitin ng mga magulang ang ulat upang masimulan ang pakikipag-usap sa (mga) guro ng kanilang anak. Mahalaga para sa mga magulang at edukador na magkaroon ng regular na pagsilip sa kalagayan ng mag-aaral upang masigurong natututunan ng mga mag-aaral ang mga kinakailangang kasanayan upang manatiling nasa tamang direksyon. Makakatulong din ang impormasyong ito sa pagtukoy ng mga lakas at hamon sa bata nang sa gayon ay makagagawa ang mga magulang at edukador tungo sa pagsuporta sa pag-unlad sa pag-aaral ng mag-aaral.

2.4.2 Mga Kabuuang Score sa Pagsusuri

E. Grapikang Representasyon sa Kabuuang Pagganap: Kabuuang Scale Score at Antas ng Pagganap

Ang grapikang ito ay isang paglalarawan sa limang antas ng pagganap at kung saan nakaposisyon ang kabuuang scale score ng mag-aaral kasama ang scale ng pagganap. Ang score ng mag-aaral ay ipinapakita sa pamamagitan ng itim na tatsulok na nakaposisyon kasama ang hanay ng mga kabuuang scale score na nagbibigay-kahulugan sa bawat antas ng pagganap. Ang mga hanay ng mga kabuuang scale score ay tinutukoy sa ilalim ng grapika. Ang scale score na kailangan upang maabot ang Antas ng Pagganap 2 ay 700, para sa Antas ng Pagganap 3, ito ay 725, at para sa Antas ng Pagganap 4, ito ay 750 para sa lahat ng baitang sa parehong ELA/L at matematika. Ang scale score na kailangan para maabot ang Antas ng Pagganap 5 ay iba-iba. Sumangguni sa **Apendiks A** para sa buong listahan ng mga hanay ng scale score para sa bawat antas ng pagganap. Kabilang din sa seksyong ito ang average na kabuuang scale score para sa estado at ang mga porsyento ng antas ng pagganap sa estado.

F. Ang Score ng Inyong Anak

Ang seksyon ito ng ulat ay nagbibigay ng impormasyon na may kaugnayan sa kabuuang scale score ng inyong anak, pati na rin sa tantiya ng mga inaasahang pagbabago sa score na iyon kung kukunin niya ang pagsusulit nang maraming beses.

G. Panukat na Lexile at Quantile

Kumakatawan ang panukat na Lexile sa parehong kakayahan ng mag-aaral sa pagbabasa at kahirapan ng teksto, gaya ng aklat o artikulo sa magasin. Kapag magkasamang ginagamit, ang mga panukat sa pagbasang Lexile at tekstong Lexile ay nakakatulong sa mga magulang at edukador na pumili ng mga aklat, artikulo, at iba pang mga materyales na tumutugma sa mga katangi-tanging kakayahan sa pagbabasa ng mag-aaral. Kapag nagbabasa ang mag-aaral ng teksto sa loob ng kanyang kakayahang Lexile, malamang na maunawaan niya nang sapat ang teksto para malaman ang kahulugan nito, habang nakakaranas pa rin ng hamon sa pagpapanatili ng interes ng pag-aaral.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa: www.Lexile.com

Kumakatawan ang panukat na Quantile sa parehong natamo ng mag-aaral sa matematika at kahirapan ng kasanayan o konsepto sa matematika. Ang mga panukat na Quantile ay nakakatulong sa mga edukador na matukoy ang mga naaangkop na matematika o sanggunian na tumutugma sa mga kakayahan ng kanilang mga mag-aaral upang pagtuunan ang pagtuturo at matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa: www.quantiles.com

H. Student Growth Percentile (SGP, Percentile ng Pag-unlad ng Mag-aaral)

Ang mga percentile ng pag-unlad ng mag-aaral ay nagtatantiya sa pag-unlad ng indibidwal na mag-aaral sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga score ng mag-aaral mula sa isang taon patungo sa susunod. Mula sa 1 hanggang 99, ang mas matataas na numero ay kumakatawan sa mas mataas na pag-unlad at ang mas mababang numero ay kumakatawan sa mas mababang pag-unlad. Bukod sa mga antas ng pagganap, ibinibigay ang impormasyong ito upang matulungan ang mga mag-aaral, edukador, at tagapag-alaga na maunawaan nang mas mabuti ang pag-aaral ng mag-aaral. Ang pagtingil sa parehong SGP at kasalukuyang score ng mag-aaral ay nagbibigay ng mas komprehensibong paglalarawan sa kung ano ang natututunan ng mag-aaral sa bawat taon.

Ang mga percentile sa pag-unlad ng mag-aaral ay nagkukumpara sa pagganap ng mag-aaral sa kanyang mga kapwa mag-aaral sa loob ng estado. Ang mga “kapwa mag-aaral” ay mga mag-aaral sa estado na kumuha ng katulad na pagsusuri gaya ng mag-aaral sa (mga) naunang taon at nakakuha ng katulad na score. Ipinapahiwatig ng mga percentile ng pag-unlad ng mag-aaral ang porsyento ng mga kapwa mag-aaral na katumbas ng o mas mataas sa mag-aaral na nagka-score ng mas mataas.

Sa dingding ng karamihan ng mga klinika ng pediatrician, may isang tsart ng paglaki para sa taas at timbang. Tumutulong ito sa isang taong maunawaan kung nasaan ang bata kumpara sa ibang mga bata. Halimbawa, ang batang may taas na nasa ika-45 percentile ay kasing-taas o mas mataas sa 45% ng mga batang nasa ganitong edad. Ang mga percentile ng pag-unlad ng mag-aaral ay binibigyan ng interpretasyon sa katulad na paraan, ngunit ang pagsukat ay naaayon sa pag-unlad. Ang score sa pagsusulat ng isang mag-aaral sa pamamagitan ng mga puntos ay maaaring mababa sa “natugunan ang mga inaasahan”, ngunit ang mag-aaral na iyon ay maaaring mayroong mataas na pag-unlad (pagbuti ng score) kumpara sa kanyang mga kapwa mag-aaral. Sa isang banda, ang isang mag-aaral na may mataas na score sa pagsusulat ay maaaring hindi magkaroon ng mataas na percentile sa pag-unlad ng mag-aaral kung ang mag-aaral ay hindi nagpamalas ng pagbuti sa pagdaan ng panahon kumpara sa kanyang mga kapwa mag-aaral.

Ang mga percentile sa pag-unlad ng mag-aaral ay napapakinabangan sa pagtuklas ng pagganap ng isang mag-aaral taun-taon. Halimbawa, kung ang kabuuang score ng isang mag-aaral sa matematika ay nagbago mula sa nakaraang taon, makabuluhan ba ito o hindi? Kung ang percentile sa pag-unlad ng mag-aaral ay 50, samakatuwid, ang mag-aaral na ito ay nagpapakita ng tipikal na pag-unlad. Ang percentile na 50 sa pag-unlad ng mag-aaral ay nangangahulugang ang mag-aaral na ito ay nasa ika-50 percentile: 50% ng mga mag-aaral ay mas kaunti ang natamasa sa mga score sa pagdaan ng panahon, at 50% ay nakapagtamasa ng mas mataas o walang natamasa sa mga score sa pagdaan ng panahon.

Ang mga percentile sa pag-unlad ng mag-aaral ay kinakalkula gamit ang maraming data hangga’t maaari. Ang pag-unlad ng mag-aaral ay sinusukat kumpara sa mga kapwa mag-aaral na may mga katulad na score. Halimbawa, ang mag-aaral na may mga score na nasa kategoryang “natugunan ang mga inaasahan” para sa pang-grade 3 na matematika at pang-grade 4 na matematika ay magkakaroon ng ranggong percentile para sa pagsusuri sa pang-grade 5 na matematika sa taong ito na batay sa kanilang pag-unlad kumpara sa mga kapwa mag-aaral na may katulad na score (natugunan ang mga inaasahan) sa mga pagsusuri sa matematika sa grade 3 at 4. Kung walang score ang mag-aaral sa pang-grade 3 na matematika, ang percentile sa pag-unlad ng mag-aaral ay ibabatay sa score para sa nakaraang taon kung gayon. Kung ito ang unang taon kung kailan sumali ang mag-aaral sa pagsusuri, hindi magiging posible ang kalkulasyon sa percentile sa pag-unlad ng mag-aaral.

Hindi isasama sa mga Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral para sa mga mag-aaral na nasa grade 3 ang percentile sa pag-unlad ng mag-aaral, dahil hindi sumasali ang mga mag-aaral na ito sa mga katulad na pagsusuri sa mga nakaraang taon.

2.4.3 Pagganap ayon sa Subclaim na Kategoriya

I. Subclaim na Kategoriya

Sa loob ng bawat kategoriya sa pag-uulat para sa English language arts/literacy (sining ng wikang Ingles/kakayahan sa pagbasa at pagsulat) ay mga espesipikong pangkat ng kasanayan (mga subclaim) na ipinapamalas ng mga mag-aaral sa IAR. Ibinibigay ang mga subclaim para sa matematika ngunit hindi nakalista sa ilalim ng mga kategoriya sa pag-uulat gaya ng sa English language arts/literacy. Ang bawat subclaim na kategoriya ay kinabibilangan ng pamagat na tumutukoy sa subclaim, isang nagpapaliwanag na icon na kumakatawan sa pagganap ng mag-aaral, at isang pagpapaliwanag sa kung natugunan ng mag-aaral ang mga inaasahan sa subclaim.

J. Mga Subclaim na Pantukoy sa Pagganap

Ang subclaim na kategoriya ng mag-aaral ay kumakatawan sa kung gaano kahusay ang naging pagganap ng mag-aaral sa subclaim. Pagdating sa mga kabuuang score at score sa kategoriya ng pag-uulat, ang pagsukat sa kahusayan ng mag-aaral para sa bawat subclaim ay tinatantiya sa karaniwan at nakapaloob na scale sa pagsukat. Ang pagganap sa hanay ng Antas 1–2 ng scale na iyon ay naisakategoriya bilang “Mas mababang antas ng kahandaan” ang pagganap sa hanay ng Antas 3 ng scale na iyon ay naisakategoriya bilang “Panggitnang antas ng kahandaan” at ang sa hanay ng Antas 4–5 ng scale na iyon ay naisakategoriya bilang “Mas mataas na antas ng kahandaan.”

Ang subclaim na pagganap ay inuulat gamit ang mga kategoriya sa halip na mga scale score o mga antas ng pagganap.

- Mas mataas na antas ng kahandaan - ipinapakita ng letrang H 
- Panggitnang antas ng kahandaan - ipinapakita ng letrang M 
- Mas mababang antas ng kahandaan - ipinapakita ng letrang L 

K. Paglalarawan sa Grapika ng Subclaim na Pantukoy sa Pagganap

Ang pagganap ng mag-aaral para sa bawat subclaim ay minamarkahan ng subclaim na pantukoy sa pagganap.

- **Ang letrang H** para sa tinukoy na subclaim ay nagpapahiwatig na ang mag-aaral ay “nagpamalas ng mas mataas na antas ng kahandaan,” na nangangahulugang ang subclaim sa pagganap ng mag-aaral ay sumasalamin sa antas ng kahusayang naaayon sa Antas ng Pagganap na nasa 4 o 5. Ang mga mag-aaral na nasa subclaim na kategoriya ito ay malamang na maging lubos na handa sa pag-aaral para matagumpay na makibahagi sa higit pang mga pag-aaral sa subclaim na larangan ng nilalaman at maaaring mangailangan ng higit pang pagtuturo.
- **Ang letrang M** para sa tinukoy na subclaim ay nagpapahiwatig na ang mag-aaral ay “nagpamalas ng panggitnang antas ng kahandaan,” na nangangahulugang ang subclaim sa pagganap ng mag-aaral ay sumasalamin sa antas ng kahusayang naaayon sa Antas ng Pagganap na nasa 3. Ang mga mag-aaral na nasa subclaim na kategoriya ito ay malamang na mangailangan ng suporta sa pag-aaral upang matagumpay na makibahagi sa higit pang mga pag-aaral sa subclaim na larangan ng nilalaman.
- **Ang letrang L** para sa tinukoy na subclaim ay nagpapahiwatig na ang mag-aaral ay “nagpamalas ng mas mababang antas ng kahandaan,” na nangangahulugang ang subclaim sa pagganap ng mag-aaral ay sumasalamin sa antas ng kahusayang naaayon sa Antas ng Pagganap na nasa 1 o 2. Ang mga mag-aaral na nasa subclaim na kategoriya ito ay malamang na hindi lubos na handa sa pag-aaral upang matagumpay na makibahagi sa higit pang mga pag-aaral sa subclaim na larangan ng nilalaman. Ang mga naturang mag-aaral ay malamang na mangailangan ng mga interbensyon sa pagtuturo upang maparami ang pagtamasa sa subclaim na larangan ng nilalaman.

2.4.4 Pagganap ayon sa Kategoriya ng Pag-uulat

Tandaan: Para sa matematika, hindi kasama ang mga kategoriya ng pag-uulat. Dahil dito, walang marker para sa L at M sa sample na ISR sa matematika.

L. Kategoriya ng Pag-uulat

Para sa English language arts/literacy, may dalawang kategoriya ng pag-uulat, Pagbabasa at Pagsusulat, na tinutukoy sa pamamagitan ng pamagat sa makapal na letra.

M. Pagganap ayon sa Scale Score ng Kategoriya ng Pag-uulat

Para sa mga Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral sa English language arts/literacy, ang pagganap ng mag-aaral para sa bawat kategoriya ng pag-uulat ay ibinibigay bilang isang scale score (sumangguni sa Seksyon 2.1.1) sa scale na naiiba sa kabuuang scale score. Dahil dito, ang suma ng mga scale score para sa bawat kategoriya ng pag-uulat ay hindi magiging katumbas ng kabuuang scale score. Bilang sanggunian, ang seksyong ito ay kabibilangan ng mga scale score para sa bawat kategoriya ng pag-uulat (iyon ay, 10-90 para sa Pagbabasa at 10-60 para sa Pagsusulat).

Pagdating sa mga kabuuang (o “nagsusuma”) scale score, ang sukat ng kahusayan ng mag-aaral sa bawat kategoriya ng pag-uulat ay tinatantiya sa karaniwan at nakapaloob na scale sa pagsukat. Para sa pagbabasa, ang pamantayan sa pagganap na nasa Antas 4 ay nakatakda sa scale score na 50. Para sa pagsusulat, ang pamantayan sa pagganap na nasa Antas 4 ay nakatakda sa scale score na 35. Samakatuwid, ang mag-aaral ay maaaring ituring bilang tumutugon sa mga inaasahan sa isang claim sa pamamagitan ng pagtamasa ng 50 sa pagbabasa o 35 sa pagsusulat.